


## Mga Telepono ng mga Job Centres para sa mga Katanungan at mga Recruitment Centres

| | |
|---|---|
| Admiralty Job Centre | 2591 1318 |
| North Point Job Centre | 2114 6868 |
| Kowloon East Job Centre | 2338 9787 |
| Kowloon West Job Centre | 2150 6397 |
| Kwun Tong Job Centre | 2342 0486 |
| Shatin Job Centre | 2158 5553 |
| Sheung Shui Job Centre | 3692 4532 |
| Tsuen Wan Job Centre | 2417 6197 |
| Tuen Mun Job Centre | 2463 9967 |
| Tung Chung Job Centre | 3428 2943 |
| Yuen Long Job Centre | 3692 5750 |
| Recruitment Centre for the Catering Industry | 3847 7600 |
| Recruitment Centre for the Retail Industry | 3847 7611 |
| Construction Industry Recruitment Centre | 3428 3303 |

Hotline ng Serbisyong Telepono para sa Pagtatrabaho:

**2969 0888**


Website para sa Serbisyo ng Interactive Employment:

**https://www.jobs.gov.hk**

7/2024

勞工處
Labour Department
(Tagalog Version)

# Gabay para sa mga Serbisyong Kaugnay ng Hanapbuhay sa mga Dayuhang Etnikong Minoridad na Naghahanap ng Trabaho



Nagbibigay ang Kagawaran ng Paggawa (Labour Department o LD) ng komprehensibo at libreng serbisyo sa pagbibigay-trabaho upang matulungan ang mga naghahanap ng trabaho na makakita ng hanapbuhay. Ang aming mga serbisyo ay isinasagawa sa wikang Tsino at Ingles. Kung ikaw ay hindi nakapag sasalita ng anuman sa wikang ito, ay maaari kaming makapagpasaayos ng serbisyo ng interpretasyon para sa iyo.

Kung ikaw ay naghahanap ng trabaho, maaari mong tingnan ang Gabay na ito upang makakita ng mga serbisyo para sa pagtatrabaho na pinakamainam para sa iyong pangangailangan.

## Sentro ng Trabaho

Nangangasiwa kami ng isang network na may 11 Sentro ng Trabaho sa teritoryo. Ikinalulugod naming ikaw ay makabisita alinman sa mga sentro at gamitin ang mga sumusunod na pasilidad upang humanap ng trabaho:

- Mga kompyuter na may resume building software upang maihanda ang iyong resume
- Mg fax machines at kompyuter na may koneksyon sa internet para mai-fax o ma-email ang iyong resume at liham ng aplikasyon sa mga nagpapatrabaho
- Mga touch screen na terminal para sa pagsasaliksik na konektado sa malawak na database ng LD upang makahanap ng nararapat na bakanteng trabaho
- Kagamitan upang maisagawa ang on-line na panayam sa mga nagpapatrabaho





## Serbisyong Nakatuon sa Pagpapatrabaho para sa Etnikong Minoryang Naghahanap ng Trabaho

- ***Special Counter at Resource Corner para sa mga Etnikong Minorya na Naghahanap ng Trabaho***

Maaari kang makakuha ng serbisyo sa pagpapatala, tulong sa paggamit ng serbisyo ng pagtatrabaho ng LD at mga pasilidad sa paghahanap ng trabaho, serbisyo ng pagsangguni sa trabaho at impormasyon sa pagsasanay at kurso sa muling pagsasanay sa special counter. May mga magagamit na impormasyon sa pagtatrabaho/ mga kagamitang may kaugnayan sa pansariling karunungan tulad ng mga naaaangkop na mga aklat, diksyunaryo sa iba't ibang wika, dyaryo at magazine para sa mga tip sa paghahanap sa trabaho, at mga polyeto sa pagsasanay at kurso ng muling pagsasanay na maaaring makuha sa resource center.

- ***Isinapersonal na mga Serbisyo ng Pagpapayo para sa Trabaho at Serbisyo ng Masusing Pagsubaybay***

Maaari mong makaharap ang isang opisyal para pagtatrabaho upang mapag-usapan ang iyong pangangailangan sa trabaho, upang mapaghusay pa ang iyong mga paraan sa paghahanap ng trabaho, upang makakuha ng impormasyon sa merkado ng paggawa at pagsasanay/ kurso ng muling pagsasanay, at/o sumailalim sa pagtatasa ng kakayahan sa karera kung nararapat. Ang serbisyo ng masusing pagsubaybay ay ibibigay sa nakatalang etnikong minoryang naghahanap ng trabaho.

- ***Pagpupulong tungkol sa Hanapbuhay***

Makakatulong ito sa iyo upang mas maintindihan ang kasalukuyang kalagayan ng merkado sa paggawa at mahasa sa mga paraan ng panayam sa pagtatrabaho.

- ***Job Fair***

Ang mga Job Fairs ay binubuo sa buong taon sa mga Sentro ng Pagtatrabaho. Ang mga kasaling nagpapatrabaho ay magsasagawa ng on-the-spot na panayam sa mga naghahanap ng trabaho. Ang mga job fairs na may bakanteng naaangkop para sa etnikong minoryang naghahanap ng trabaho ay isasaayos ng regular at mayroong libreng tagasalin sa lugar.

- ***Programa para sa Pagbibigay Trabaho sa Ibang Lahi (Racial Diversity Employment Programme o RDEP)***

Ang RDEP ay isang programa na pinangunahan ng Kagawaran ng Paggawa sa kolaborasyon ng mga organisasyong hindi sakop ng Pamahalaan (NGO) upang magbigay ng serbisyo ng isahang-himpilan para sa pagsuporta para sa trabaho para sa mga tao sa minoryang etniko na naghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pamamahala ng kanilang kaso, upang mapaghusay ang pagiging karapat-dapat na magkatrabaho at masuportahan ang pagpapahusay ng karera.







## Mga Programa sa Pagtatrabaho

Ang mga kwalipi kadong naghahanap ng trabaho ay maaaring piliing sumali sa mga sumusunod na programa sa trabaho;

- ***Iskema ng Pagsubok sa Trabaho***

Ang iskema ay pagsasaayos ng pagsubok sa trabaho para sa mga kalahok upang magtrabaho sa mga tunay na trabaho sa mga kasaping organisasyon sa loob ng isang buwan (30 araw). Ang mga kasaping organisasyon ay hinihikayat na magbigay ng trabaho sa mga kasali na makapasa sa naturang pagsubok.

- ***Programa sa Trabaho para sa mga Matatanda at Katamtaman/ Gitnang Edad***

Ang mga nagpapatrabahong humihikayat sa mga walang trabahong matatanda at katamtamang edad na 40 pataas na naghahanap ng trabaho sa ilalim ng Programa ay magtatalaga ng magtuturo at magbibigay ng on the job na pagsasanay para sa kanila. Mapapadali nito na masanay ang mga kasali sa bagong kapaligiran sa trabaho at matutunan ang kinakailangang kasanayan sa trabaho. Hindi na kailangan ng paunang pagpaparehistro sa ilalim ng programa.

- ***Panimulang Iskema ng Alawans para sa Muling Pagtatrabaho***

Tinutukoy ng iskemang ito ang mga matatanda at katamtamang edad na mga taong nasa 40 o pataas na walang trabaho sa Hong Kong sa loob ng tatlong magkakasunod na buwan o higit pa. Ang mga kasali na nagtrabaho sa loob ng anim na magkakasunod na buwan ay makakatanggap ng pinakamataas na alawans na $10,000 samantalang ang mga nagtrabaho ng 12 magkakasunod na buwan ay makatatanggap ng karagdagang pinakamataas na alawans na $10,000.

## Sentro ng Recruitment para sa Industriya ng Catering, Sentro ng Recruitment para sa Industriya ng Retail at Industriya ng Konstruksiyon

Ang mga Job Fairs ay binubuo sa buong taon sa Sentro ng Recruitment. Kung ikaw ay interesadong makakuha ng trabaho sa catering, retail o industriya ng konstruksiyon, bukad sa mga naaangkop na Sentro ng Recruitment, maaari mo ring tignan ang pinaka bagong impormasyon ng job fair sa mga Job Centres, website ng Interactive Employment Sevices (iES) ng LD o ang kanilang aplikasyon sa mobile. Maaari mong kontakin ang Sentro ng Recruitment upang makapagpareserba ng appointment para sa on-the-spot na panayam para sa nagpapatrabaho na nangangalap ng mga empleyado.

## Nakalaang Webpage para sa Trabahong para sa may Mataas na Edukasyon

Ang mga naghahanap ng trabahong may mataas na edukasyon ay maaaring makakuha ng pinakabagong lokal na impormasyon ng pagpapatrabaho sa merkado at maaaring makakita ng naaayong may bakanteng trabaho sa pamamagitan ng Nakalaang Webpage ng Trabaho para sa Mataas na Edukasyon (https://www.jobs.gov.hk/0/en/jobseeker/hee/).

## Serbisyong Telepono sa Pagpapatrabaho

Kung ikaw ay nakapagpatala na para sa aming serbisyo sa trabaho sa Job Centre o sa website ng iES, imbes na bumisita sa aming mga centres, ay maaari kang makakuha ng serbisyo ng job referral sa pamamagitan ng pagtawag Hotline ng Serbisyong Telepono sa Pagtatrabaho sa 2969 0888. Kung kinakailangan, maaari rin kaming magsaayos ng libreng serbisyo ng pagsasalin ng wika sa telepono.

## Website ng Serbisyo ng Interactive at mobile application

Maaari mong bisitahin ang nakalaang webpage para sa etnikong minoryang naghahanap ng trabaho sa website ng iES (https://www.jobs.gov.hk/EM) upang tingnan ang pinakabagong mga bakante sa trabaho, upang makapagpatala sa aming serbisyo ng pagpapatrabaho, upang makapag apply sa serbisyo ng employment advisory at upang makakuha ng pinakabagong balita sa aktibidad ng recruitment ng LD. Maaari mo ring i-download at gamitin ang aplikasyon ng iES sa mobile at humanap ng angkop na bakante sa iyong smartphone o mobile device anumang oras kahit saan.